Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-25 NG SETYEMBRE 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ---------------- | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ---------------- | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ---------------- | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ---------------- | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ---------------- | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ---------------- | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ---------------- | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ---------------- | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ---------------- | Kagawad – ABC Chairman |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ---------------- | Kagawad – SK Chairman |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Purita P. Sarmiento | ---------------- | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 228 -T'2002*

*KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KANYANG KAMAHALAN KGG. GLORIA M. ARROYO, PANGULO NG BANSA, NA MAPAGKALOOBAN [redacted] SANTA CRUZ, LAGUNA NG HALAGANG LABING LIMANG MIL[redacted] (P15,000,000.00) PARA SA PAGPAPAGAWA NG FARM-TO-MARKET ROAD SA MGA BARANGAY NG DUHAT, GATID, CALLIOS, SANTISIMA CRUZ, SANTO ANGEL NORTE, SANTO ANGEL SUR, AT OOGONG NA SAKOP NG BAYANG ITO.*

*SAPAGKA'T*, matapat na hangarin ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna na maiayos ang mga pagawaing makatutugon sa pagpapaunlad ng pananakahan sa bayang ito;

*SAPAGKA'T*, malaking bahagi ng lupang sakop ng bayang ito ay lupang pansakahan;

*SAPAGKA'T*, kulang sa mga daan patungo sa pamilihan upang hakutin at dalhin ang mga kalakal o inani mula sa mga sakahan;

*SAPAGKA'T*, walang sapat na pondo ang pamahalang bayan upang makapagpagawa ng farm-to-market road;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na mapitagang hilingin sa Kanyang Kamahalan Kgg. Gloria M. Arroyo, Pangulo ng Bansa, na makapagkaloob ang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng halagang 15,000,000.00 para sa pagpapagawa ng Farm-to-Market road sa mga Barangay Duhat, Gatid, Callios, Santisima Cruz, Santo Angel Norte, Santo Angel Sur at Oogong na sakop ng bayang ito.

*PINAGPASIYAHAN PA:* Na ipadama ang taos-pusong pasasalamat sa Kgg. Gloria Macapagal Arroyo na patuloy na nagmamalasakit para sa kapakanan ng bansang ito.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kanyang Kamahalan Kgg. Gloria M. Arroyo, Pangulo ng Bansa, Malacañang; Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Inhinyero, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:
KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan